# TATLONG TULANG AKROSTIK

Faye Cura

## Mebuyan

Mas mainam kung lumikha ako ng mundong
Akin, na atin din, kung saan may pangalan akong
Sarili. Hindi ako kikilalaning kapatid ninuman,
Supling kaya, asawa, o sunod-sunuran ng iba.
Tuwing malalaglag ang dayap, ito ay simpleng
Ebakwasyon ng mga api't dukha mula sa lupa.
Suwerte sila, kung tutuusin; ang dadatnan sa ilalim,
Tumataginting na kasaganaan. Mula sa gatas ng
Ilandaan kong suso, hanggang sa umaapaw na bigas.
Nabubuhayan ang patay sa pagligo sa ilog na itim.
Gumiginhawa sila sa unang pagkakataon, at habambuhay
Nang makaiiral nang marangal, na siyang dapat.
Obaryo ang Gimokudan at hantungan ng lahat.
Walang makatatakas, maging ang liwanag.

## Isang Kuwentong Tinguian

Aponitolau ang ngalan niya't Aponibolinayen ang akin.
Yaman namin ang bukid ng kamote at tubong
Ubod ng tamis, kaya't pinagnasaan ni Gaygayoma,
Diwata ng langit. Hindi pa siya nasiyahan,
Asawa ko rin ay kanyang dinakip. Panakot niya,
Ipakakain niya ang pobreng tao sa dambuhalang
Bituin kung mangangahas itong tumanggi, tumakas.
Ipinanganak nila si Takyayen di naglaon. Di naglaon,
Ginusto nitong bumaba sa bayan ng kanyang ama.
Ayaw ng kanyang ina, na siya ngayong walang magawa:
Yaman nito sa lahat ang binatang maliksi at malakas.
Nang tinahak ng kalahating diyos ang sariling landas,
Abot sa kabilang bundok ang kanyang mga linigtas.

## Ang Paalam ng Diwata

Oras na, mahal, ng aking pagbalik sa kalangitan.
Una pa lamang, alam kong alam mo nang
Sa aking pagtakas hahantong ang iyong kasakiman.
Tinago mo sa kisame ang ninakaw na mga pakpak,
Daigdig ko tuloy ay naging bahay, ikaw, at mga anak.
Umuwi ang mga kapatid na tala nang di ako kasama.
Tuwing gabi mula noon, ako'y nagdusa;
Espiritu ko'y naglaho; naiwan akong laman lang.
Rumaragasa ngayon ang amihang liniliparan.
Takdang kikinang akong muli kasama ng buwan,
Engkantadang mananaig, lagi, sa mortal na kahangalan.